



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-10 ng Oktubre, 2018  
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

### KAILANGAN PA RIN NG MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN PARA SA ELEKSYON SA IKA-6 NG NOBYEMBRE

#### *Ang mga Bilingguwal at Standby na Manggagawa sa Botohan ay Kailangan na Kailangan*

Nalalapit na ang oras, at ang mga manggagawa sa botohan, lalo na ang mga bilingguwal sa kahit ano sa anim na espesipikong wika, ay kinakailangan pa rin para sa Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay inatasan ng Pederal na Batas na maglagay ng mga bilingual speakers at mga materyales sa pagboto para sa mga botante na nagsasalita ng Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese. Isang survey na isinagawa ng University ng California, Berkeley ang nagpakita ng pangangailangan para sa mga nagsasalita ng Arabic at Korean sa humigit kumulang na mga 90 na presinto, kaya ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagrekrut din ng mga manggagawa sa botohan na bilingguwal sa mga wikang iyon para sa eleksyon sa Ika-6 ng Nobyembre.

Bilang karagdagan, kailangan ng Tagapagrehistro ang **standby na mga manggagawa sa botohan** na maaaring maitalaga sa maikling paunawa. Ang mga standby na kaya ring magsalita ng pangalawang wika ay kailangan na kailangan din. Ang mga manggagawa sa botohan ay makakatanggap ng stipend na mula \$100 hanggang \$175 depende sa pagtatalaga, at iyong mga bilingguwal ay makakatanggap ng karagdagang \$15 kung sila ay espesipikong maitatalaga na magbigay ng tulong sa wika sa mga botante. Ang mga manggagawa sa botohan ay dapat nakarehistrong mga botante sa estado ng California o dapat ay permanenteng mga residente sa Estados Unidos at mayroong transportasyon papunta sa kanilang itinalagang lokasyon ng botohan; kakailanganin din nila ng akses sa internet upang makumpleto ang online na pagsasanay at dumalo sa isang 2- o 3-oras na in-person na klase depende sa kanilang pagtatalaga.

Ang mga bilingguwal na manggagawa sa botohan na mahusay magsalita ng Ingles at isa o higit sa isang mga sumusunod na mga wika ay kailangan sa mga lungsod at kapitbahayan na ito:

**Arabic:** El Cajon, Lakeside

**Chinese:** Carlsbad, Clairemont, Downtown, Escondido, Linda Vista, Middle Town, Mission Hills, Mira Mesa, Normal Heights, North Park, Poway, Rancho Bernardo, Rancho Peñasquitos, Scripps/Pomerado, Serra Mesa, UTC, Vista

**Filipino:** Bonita, Carlsbad, Chula Vista, Eastlake, El Cajon, Escondido, Imperial Beach, National City, Nestor, Oceanside, Otay, Rancho Bernardo, Rancho Peñasquitos, San Ysidro, Spring Valley, Vista

**Korean:** Carmel Valley, UCSD, UTC



# COUNTY NG SAN DIEGO MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-10 ng Oktubre, 2018

**Vietnamese:** Carlsbad, Carmel Valley, Chollas Park, Chula Vista, Clairemont, El Cajon, Encanto, Encinitas, Escondido, Fallbrook, La Mesa, Lakeside, Lemon Grove, Linda Vista, Mira Mesa, Nestor, Normal Heights, Oceanside, Otay Ranch, Poway, Rancho Bernardo, Rancho Peñasquitos, Rolando Redwood, San Carlos, San Marcos, Scripps/Pomerado, Serra Mesa, UTC, Vista

Ang mga inaasahang maging manggagawa sa botohan ay maaaring mag-aplay online sa [sdvote.com](http://sdvote.com).

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o mag-email sa [pollworker@sdcounty.ca.gov](mailto:pollworker@sdcounty.ca.gov). Ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay matatagpuan sa 5600 Overland Ave., San Diego, 92123 sa kampus ng County Operations Center.

###

COUNTY**NEWS**CENTER  